

Mga e-cigarette sa Maraming Yunit na Pabahay



Ang mga elektronikong aparato sa paninigarilyo, na karaniwang tinutukoy bilang mga e-cigarette, ay gumagamit ng baterya upang painitin ang solusyon na likidong nikotina na tinatawag na “e-liquid.” Ang umunit na likido ay lumilikha ng aerosol na nalalanghap papunta sa baga. Ang mga aparato ay may iba't ibang mga pangalan kabilang ang mga e-cig, hookah pen, vape, at mod.¹

Ang ilang mga e-cigarette ay ginawa para sa isang beses na paggamit at ang iba ay maaaring mai-charge muli at punuin ng e-liquid. Ang e-liquid ay madalas na nilalagyan ng lasa tulad ng prutas o kendi. Ito ang dahilan kaya nagiging popular ang mga ito sa mga tinedyer at kabataang adulto.¹



Mga Panganib sa Kalusugan

Ang e-cigarette na aerosol ay naglalaman ng **nikotina at nakapipinsalang kemikal**, tulad ng usok ng tabako.¹

Ang ilan sa mga kemikal sa aerosol ng e-cigarette ay kilalang sanhi ng **kanser**,

kapinsanan sa bagong silang na sanggol, at iba pang mga problema sa kalusugan.¹

Ang pangmatagalang pagkakatandad ay maaaring **makaapekto sa pag-unlad ng utak** ng mga bata at tinedyer.¹

Mapanganib sa mga Bata

Ang mga e-liquid ay may nakawiwiling mga lasa tulad ng bubble gum, cherry, at tsokolate na nakaakit sa mga bata, na maaaring malasahan o mainom ang likido.¹

Ang mga e-liquid ay **nakalalason kapag nalunok**. Kahit ang kaunting dami ay maaaring ikamatay ng isang bata.¹



Peligro ng Pagsabog

Ang mga baterya ng e-cigarette ay maaaring **sumabog at maging apoy.**²

Makaranas ng malubhang pagkapaso at masira ang mga ngipin sanhi ng pagsabog ng kanilang aparato.²

Lubhang Nakahuhumaling

Ang mga e-cigarette ay **nakahuhumaling**, kagaya ng mga pangkaraniwang sigarilyo.¹

Ang mga e-cigarette ay hindi nakatutulong sa mga tao na huminto sa paninigarilyo at **maaaring magdulot sa mga hindi naninigarilyo na simulan ang paninigarilyo.**¹

10x

Tumaas ang paggamit ng e-cigarette **nang sampung beses** sa mga mag-aaral na nasa hayskul mula 2011–2015.³

4x

Ang mga kabataan na gumagamit ng e-cigarette ay **apat na beses** na mas malamang na simulan ang paninigarilyo ng mga karaniwang sigarilyo.⁴

Bakit Isasama ang mga E-cigarette sa mga Patakaran ng Pagbabawal sa Paninigarilyo sa mga Pabahay?

Walong estado, kabilang ang California, ang nagbabawal na sa paggamit ng e-cigarette sa mga lugar ng trabaho, restawran, at bar para protektahan ang mga empleyado at tagatangkilik.³

Habang dumarami ang gumagamit ng e-cigarette, ang bilang ng mga pagsabog at sunog sa bahay ay malamang na tumaas.²

Ang pagdaragdag sa mga e-cigarette sa mga paghihigpit sa paninigarilyo sa pabahay ay isang madaling paraan para **protektahan ang kalusugan ng iyong mga nangungupahan at limitahan ang pinsala sa ari-arian.**



Mga Sanggunian: Mga E-Cigarette sa Maraming Yunit na Pabahay

1. California Department of Public Health, California Tobacco Control Program. *State Health Officer's Report on E-Cigarettes: A Community Health Threat*, 2015. Available from: <https://www.cdph.ca.gov/programs/tobacco/Documents/CDPH%20CTCP%20Refresh/Policy/ESDs/State%20Health-e-cig%20report.pdf>.
2. Campbell, R. *Electronic Cigarette Explosions and Fires: The 2015 Experience*. National Fire Protection Association. 2016. Available from: <http://www.nfpa.org/~media/files/news-and-research/fire-statistics/major-causes/osecigarettes.pdf?la=en>.
3. U.S. Department of Health and Human Services. Centers for Disease Control and Prevention. *STATE System E-Cigarette Fact Sheet*, 2016. Available from: <http://www.cdc.gov/statesystem/factsheets.html>.
4. Miech R, Patrick ME, O'Malley PM, et al E-cigarette use as a predictor of cigarette smoking: results from a 1-year follow-up of a national sample of 12th grade students. *Tobacco Control*. Published Online First: 06 February 2017. doi: 10.1136/tobaccocontrol-2016-053291. Available from: <http://tobaccocontrol.bmj.com/content/early/2017/01/04/tobaccocontrol-2016-053291>.